

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**  
**BY NOLI DE CASTRO – KABAYAN/DZMM**  
**JUNE 3, 2020 (7:40 A.M. to 7:46 A.M.)**

**SEC. ROQUE:** Pero lilinawin ko lang po kaya lang naman tayo nagkakaroon ng kaunting delay at dahil nga po gagawin na nating electronic ang transfer. So, kaunting pasensiya dahil kapag naman po nagsimula na itong electronic transfer baka isang araw lang eh matapos na kaagad at wala nang pila-pila.

So hayaan na muna po natin ang DSWD na magkaroon ng kaunting panahon para magamit nila ang teknolohiya, maiwasan na ang mga pila, maiwasan na iyong pagtipun-tipon at direktso na sa inyong mga bank account at direktso na sa inyo at walang nang pipigil kasi isa pa iyan sa ating iniwasan. Napakadami na po ngayong nakasuhan na mga barangay officials na nangikil, at kinakasuhan na po ngayon.

**DE CASTRO:** Ano ba, paano iyong mga nasa ilalim ng GCQ, okay pa rin?

**SEC. ROQUE:** Well, lahat po ng nasa ilalim na ngayon ng GCQ na nasa ECQ at saka MECQ noong buwan ng Mayo ay makukuha pa rin po nila iyon, kahit anong classification po ngayon.

**DE CASTRO:** Eh ito daw mga jeepney driver, iyong iba ay namamalimos na, nag-rally na nga iyong iba eh. Paano ba iyong mga jeepney drivers, ano ba ang balita doon?

**SEC. ROQUE:** Well, alam ko po ngayon ay naghahanap na ho tayo ng alternatibong mga kabuhayan sa kanila. Mayroong suhestiyon dati na ilan sa kanila ay kukuning contact tracers dahil mangangailangan tayo ng contact tracers [garbled]

**DE CASTRO:** Hello, Secretary? Nawawala-wala po ang signal ninyo. Nasa loob ba kayo ng kuwarto, ng banyo o ano?

**SEC. ROQUE:** Hindi po, nandito lang ako sa aking bahay pero ngayon po lumipat ako ng puwesto.

So, ngayon po ay hinahanapan po sila ng alternatibong kabuhayan. At pagdating naman po sa modernization, baka naman po ma-built in na iyong social distancing at mayroong ilang mga modernong mga jeepney na mapapayagan sa mga darating na araw. Pero napakahirap po talaga iyon desisyon dahil imposible po talaga ang distancing kapag harapan ang pasahero sa mga jeep.

**DE CASTRO:** Opo. How about iyong dine-in, linawin nga po natin iyong dine-in sa mga restaurants?

**SEC. ROQUE:** Ito po ay para sa MGCQ pa lamang na mga lugar, at halos marami naman pong lugar na pupuwede na iyan. Pero 50% capacity po ang dine-in, tapos mayroon pong strict na mga sanitary protocols – iyong paggamit ng mask, iyong paggamit ng mga disinfectant at saka iyong contactless payment at saka iyong contactless na pagkuha ng order po.

Kung nakita po ninyo iyong—well, sa IATF po, mayroong nagpresinta ng sitwasyon na talagang pati iyong pag-order, ibibigay sa inyong iyong menu pero wala na halos interaction with the waiter, kung pupuwede mayroon ng papel na iti-take nila kung ano ang order. Iyon iba pa nga po ang suggestion ay wala nang serving ng pagkain, mayroon na lang pick up points at iyong customer mismo ang kukuha doon sa pick up points ng pagkain para less contact po between the server and the food. Pero kinakailagan naman po talagang buksan na iyan dahil napakarami ring nating mga kababayan na umaasa po sa restaurant industry para sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**DE CASTRO:** Opo, iyong iba nga po ay tuluyan nang nagsara dahil hindi na kinaya iyong upa at saka iyong mga empleyado ay hirap na hirap na rin. So mga kailan po maasahan iyan?

**SEC. ROQUE:** Sa MGCQ po—kailan ba iyon? Parang a-otso ang simula po.

**DE CASTRO:** Ano pa ang natitira ho?

**SEC. ROQUE:** Well, halos lahat naman po mabubuksan na lalung-lalo na sa mga MGCQ. Ang hindi lang po talaga nabubuksan ay iyong mga amusement, iyong mga leisure; bagama't sa MGCQ 50% po ng turismo ang mabubuksan na rin 'no. Bagama't mayroon pang kinakailangan na aplikasyon sa DOT para masigurado naman ng DOT na iyong mga health protocols ay susundin ng mga resorts at hotel [garbled]

**DE CASTRO:** Nabanggit po ninyo iyan, may mga natatanong dito, iyong sa Boracay po, kailan daw ba sila puwede doon?

**SEC. ROQUE:** Well, hindi pa po kasi MGCQ doon. Bagama't na-lift na po iyong ban on swimming in Boracay, pero ang pupuwede lang pong mag-swimming po doon ay mga taga-Boracay kasi hindi pa rin po pupuwede dahil GCQ pa rin po iyong rehiyon ng Boracay. Pero inaasahan naman po natin na sa dalawang linggo kung hindi po magbabago ang datos ay baka MGCQ na sila; at sila nga po ang mauuna na magbukas ng turismo.

Inaasahan po natin ang Boracay at saka ang Bohol po ang mauuna pero hindi pa po ngayon ah, pero dapat maghanda na iyong mga resort owners dahil parating na po iyan.

**DE CASTRO:** Malapit na.

**SEC. ROQUE:** Opo.

**DE CASTRO:** Ito pong ginawa ni Presidenteng certified as urgent bill tungkol sa anti-terrorism bill, marami po ang nangangamba na baka ito ay abusuhin dahil kung ikaw ay against the government, nagra-rally ka against the government ay nasa ilalim daw ng anti-terrorism bill?

**SEC. ROQUE:** Ay, hindi naman po totoo iyan. Dahil alam po ninyo po, bilang isang dating professor ng constitutional law at ng international law, iyong ating desisyon po ng Korte Suprema pagdating sa malayang pananalita, hindi po iyan mababago ng isang batas lamang dahil desisyon po ng Korte Suprema ay naka-base sa Saligang Batas [garbled] at dapat ay sundin ang Saligang Batas kaysa isang ordinaryong batas.

So uulitin ko po: Kahit anong batas hindi magagamit para supilin ang karapatan ng malayang pananalita unless mayroon pong mapapakita ang gobyerno na clear ang present danger. Kung wala iyong clear and present danger, alam naman ninyo ang sistema natin lalo na dito sa Pilipinas sanay tayo, you can say anything and everything.

**DE CASTRO:** Okay. Secretary, maraming, maraming salamat po sa mga impormasyon. Thank you very much po at good morning.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat po. Magandang umaga po.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)